Mga Madalas Itanong (FAQ)

Tigdas

1. Ano ang Tigdas?

Ang Tigdas ay isang lubhang nakakahawang sakit na dulot ng isang virus (mikrobyo). Ang virus ay nakatira sa ilong at lalamunan.

2. Paano kumakalat ang Tigdas?

Tuwing umuubo o bumabahin ang isang taong may sakit, kumakalat ang virus sa hangin. Maaari itong manatili sa hangin at sa mga nakapaligid na kagamitan sa loob ng mahaba-habang oras. Kaya, maaari kayong mahawaan kung kayo ay nasa isang silid na pinuntahan ng isang taong may sakit o sa pamamagitan ng paghawak sa bagay na hinawakan nila.

Karamihan ng mga taong kailanman ay hindi binakunahan laban sa o nagkasakit ng tigdas ay magkakasakit kung magkakaroon sila ng kontak sa virus. Ang isang taong may tigdas ay maaaring maikalat ang sakit bago pa man sila magkaroon ng alinman sa mga sintomas.

3. Ano ang mga sintomas ng Tigdas?

Ang Tidgas ay maaring magdulot ng alinman sa mga palatandaang ito:

- Mataas na Lagnat (mahigit sa 101°F)
- Ubo
- Tumutulong sipon
- Mapula at nagluluhang mga mata
- Pantal na nagsisimula sa mukha at kumakalat sa buong katawan

4. Anu-ano ang mga komplikasyong naidudulot ng Tigdas?

Ang Tigdas ay maaaring magdulot ng mga komplikasyon, gaya ng mga impeksiyon sa tainga at pagtatae. Maaari rin itong magdulot ng malubhang karamdaman, gaya ng pulmonya, encephalitis (pamamaga sa paligid ng utak), at kahit pagkamatay. Ilan sa mga grupo, tulad ng mga nasa edad ng 6 – 19 taong gulang ay tila may mas kakaunting malubhang problema na dulot ng Tigdas. Ang ibang pangkat naman, tulad ng mga buntis, at mga taong may mahihinang resistensiya malamang ay magkakaroon ng mas malulubhang problema sa kalusugan dala ng Tigdas.

5. Paano ginagamot ang Tigdas?

Walang lunas para sa tigdas. Nakatuon ang paggamot sa pagpapaginhawa ng mga sintomas at pamamahala ng mga malubhang problema sa kalusugan na maaaring mangyari.

Mga Mahalagang Bagay:

- Ang Tigdas ay isang virus na nakatira sa ilong at lalamunan.
- Mabilis kumalat ang tigdas sa hangin sa pamamagitan ng pag-ubo o pagbahin ng isang taong nahawaan nito.Ang pagbabakuna ay ang pinakamainam na paraan upang iwasan ang pagkakaroon at pagkalat ng tigdas.
- Gumagawa ng mga hakbang ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan upang iwasang kumalat ang tigdas ng Distrito ng LA.

Para sa higit pang impormasyon:

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Distrito ng Los Angeles
http://publichealth.lacounty.gov/media/measles/index.htm

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California
https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/Immunization/measles.aspx

Mga Sentro sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit
http://www.cdc.gov/measles/index.html

Tagalog
CDCP-IP-0012-012 (04/23/19)

6. Ano ang magagawa ninyo para maiwasan ang Tigdas?

Ang pagpapabakuna ay ang pinakamabuting paraan upang iwasang mahawaan at makalat ang tigdas. Ang bakuna sa MMR ay may magandang talaan na nagpapatunay na ito ay ligtas at epektibo. Kailangan magpabakuna ng measles-mumps-rubella (MMR) ang mga tao kung hindi pa sila nababakunahan o kung hindi nila alam kung nabakunahan na sila dati ng MMR. Ang mga bata ay dapat mabakunahan sa edad na 12-15 buwan at muling mabakunahan sa edad na 4-6 na taon. Ang mga kabataan at matatandang ipinanganak pagkatapos ng 1956 na hindi pa nabakunahan ay kailangang magpabakuna ng MMR.

7. Saan kayo maaaring pumunta para magpabakuna?

Maaari ninyong tawagan ang inyong doktor para magpabakuna ng MMR, na maaaring sakupin ng inyong insurance. Maaari rin kayong magpabakuna sa isang parmasya o sa isang klinikang nagbibigay ng walang bayad o murang bakuna. Tumawag sa 2-1-1 o pumunta sa www.publichealth.lacounty.gov/ip para maghanap ng malapit na klinika.

8. Ano ang dapat ninyong gawin kung sa tingin ninyo kayo ay mayroong Tigdas?

Kung sa tingin ninyo kayo o isa sa myembro ng inyong pamilya ay maaaring nalantad sa o mayroong tigdas, tawagan kaagad ang opisina ng inyong doktor. Sabihin sa kanila na maaaring may tigdas kayo bago kayo pumunta, at nang sa gayon makakagawa sila ng mga hakbang upang iwasang malantad ang ibang mga pasyente at tauhan.

9. Bakit nagkaroon ng mas maraming kaso ngayon ng Tigdas sa balita?

Karamihan ng mga tao sa United States (U.S.) ay protektado laban sa tigdas sa pamamagitan ng pagbabakuna. Mas maraming mga kaso sa U.S. kaysa sa karaniwan dahil mas kaunting tao ang nagpapabakuna ng MMR o naglakbay sa o mula sa mga lugar kung saan mas karaniwan ang tigdas.

10. Ano ang ginagawa ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan upang maiwasan ang Tigdas?

Nagsusumikap ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Distrito ng LA na iwasang mahawaan at makalat ang sakit sa mga tao sa pamamagitan ng:

- Pag-iimbestiga sa lahat ng kaso ng tigdas sa distrito
- Pagkilala sa mga taong maaaring nagkaroon ng kontak sa isang taong may tigdas
- Pagtuturo sa mga nagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa mga sintomas, pagkilala at pag-uulat ng tigdas
- Paggamit ng mga pamamaraang pangkaligtasan, tulad ng pagbibigay ng bakuna sa MMR o paglilimita sa paglahok sa paaralan o trabaho, ng mga hindi nabakunahang taong maaaring nagkaroon ng kontak sa tigdas
- Pagbibigay alam sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California ukol sa mga kaso ng Tigdasupang makita nila ang epekto ng tigdas sa buong estado

Gusto pa ba ninyo ng higit na kaalaman ang tungkol sa kasalukuyang pagkalat ng sakit?

Para sa impormasyon sa mga bagong kaso, pumunta sa:

Mga Sentro sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit
http://www.cdc.gov/measles/cases-outbreaks.html

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California
https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/Immunization/measles.aspx

Organisasyon ng Kalusugan ng Buong Mundo
http://www.who.int/immunization/monitoring_surveillance/burden/vpd/surveillance_type/active/measles_monthlydata/en/